

United Church of Church in the Philippines  
SOUTH LUZON JURISDICTIONAL AREA

Quadrennial Theme:  
*Spirituality for these Critical Times*

Ikatlong Linggo ng Pamamayani ng Diyos (3rd Sunday in Kingdomtide)  
Ika- 10 ng Setyembre 2017  
(Aralin para sa Kabataan)

***“Ang Kapayapaan Bilang Katangian ng Pamamayani ng Diyos”***  
(Peace as a Kingdom Value)

**Araling ga Talata sa Biblia**

Lumang Tipan: *Isaias 32: 16-18*

*v<sup>16</sup>Ang katuwiran at katarunga'y maghahari sa lupain*

*v<sup>17</sup>Pagkat pawang katuwiran ang gagawin ng bawat isa  
Kaya iiral ang katahimikan at kapanatagan magpakailanman.*

*v<sup>18</sup>Ang bayan ng Diyos ay malalayo sa kabalisahan  
At mamumuhay nang tiwasay.*

Bagong Tipan: *Mateo 5:9*

*v<sup>9</sup>"Mapalad ang mga gumagawa ng daan sa ikapagkakasundo,  
sapagkat sila'y ituturing ng Diyos na mga anak niya.*

**Pangkalahatang Tema:**

Ang Iglesya ay nakikibahagi sa pagtatatag ng kapayapaan sa pamamagitan ng pag-alis ng mga ugat ng kawalang-katarungan at pagpupunyaging makamit ang kapayapaan.

**Susing kaisipan:**

*Ang iglesya ay nagatatagyod ng pagkakapantay-pantay upang magkaroon ng kapayapaan*

**Paliwanag Ukol sa Talata:**

Ang aklat ng Isaias ay nagbubunyag ng buong sukat ng paghatol at kaligtasan ng Diyos. Ang Diyos ay "ang Banal ng Israel" (1:4; 6:1) siyang tiyak na magpaparusa sa mga suwail (1:2) ngunit pagkatapos nito sila ay ililigtas (41:14,16). Ang Israel ay isang bansa na naging bulag at bingi sa mga tagubilin ng Diyos. Sa lahat ng ito, naranasan nila ang kakila-kilabot na hatol ng Diyos gayon ma'y ang Dios ay mahahabag sa kanyang bayan, at ililigtas sila mula sa pampulitika at espirituwal na pang-aapi. Ang kanilang pagpapanumbalik ay tulad ng isang bagong exodo habang tinutubos at nililigtas sila ng Diyos. Ang araw na iyon ay mamarkahan ng kapayapaan at kaligtasan kapag ang isang hari ay bumaba mula sa lipi ni David na maghahari na makatuwiran

at ang bayan ng Diyos ay hindi na pinahihirapan ng mga pinuno at ang Jerusalem ay magiging tunay na "Lunsod ng Panginoon" (60:14). Ang kaisipan ni Isaias sa kapayapaan ay tulad ng sa natitirang bahagi ng mga propeta: kapag ang katarungan ay ibinibigay sa mga nangangailangan at pinahihirapan at ang masama ay pinarusahan at winasak.

Ang mga partikular na talata sa Isaias 32: 16-18 ay isa sa maraming pangitain ni Isaias para sa "Shalom" ng Diyos (*Eirene* sa Griyego, na nangangahulugang kapayapaan). Ito ang uri ng kapayapaan at kaligtasan sa isang Mesianikong panahon kung saan ang mga maliliit na bata ay hindi mapinsala habang nakikipaglaro sila sa dating mabangis na mga hayop. Ito ay isang pangitain ng pambihirang kapayapaan at kasaganaan na darating sa Israel sa ilalim ng isang makatarungan at matuwid na pinuno.

Ang pangunahing layunin ni Mateo ay patunayan sa kanyang mga mambabasa na mga Judio na si Jesus ang kanilang Mesiyas. Ginagawa niya ito lalo na sa pamamagitan ng pagpapakita kung paano natupad ni Jesus sa kanyang buhay ang katuparan ng Kanyang ministeryo buhat sa Lumang Tipan. Bagaman ang lahat ng mga manunulat ng Ebanghelyo ay sumipi sa Lumang Tipan, isinama ni Mateo ang siyam na patunay na nagtatangi sa kanyang Ebanghelyo o Mabuting Balita (1: 22-23; 2:15; 2: 17-18; 2:23; 4: 14-16; 8:17; 12: 17-21;13:35; 27: 9-10) upang bigyang diin ang kanyang pangunahing tema: Si Jesus ang Mesiyas, ang katuparan ng mga hula sa Lumang Tipan. Upang maisakatuparan ang kanyang layunin, binigyang-din ni Mateo na ang lahi ni Jesus ay mula sa lipi ni David, mula mismo sa unang kabanata ng Ebanghelyo.

Ang Mateo 5:9 ay nagmula sa Sermon ni Jesus Cristo sa Bundok, kung saan Si Jesus ay naghahatid ng isang kapahayagang nagsisilbing pagpapasinaya ng kanyang ministeryo, na nagpapaliwanag kung ano ang inaasahan niya sa mga kasapi o kabilang sa kanyang kaharian. Ang mga payo o alituntuning ito na tinalakay ay mukhang mahirap batay sa umiiral na moral at etikal na pamantayan subalit ito ay upang mapagtanto din na magagawa lamang natin ito sa tulong at patnubay ng Diyos. Ang talatang ito ay nagbibigay sa atin ng ideya sa hinaharap ng isang taong pipiliing maging tagapamayapa. Ang teksto ay nagsasabing ang tagapamayapa ay mapalad. Ang ibig sabihin dito ng mapalad ay higit pa sa pagiging masaya dahil karaniwan, ang kaligayahan ay isang emosyon na madalas nakasalalay sa panlabas na mga pangyayari. Dito, ang mapalad ay tumutukoy sa tunay na kagalingan at natatanging espirituwal na kagalakan ng mga nakikibahagi sa pamayanan ng Diyos. Ito ay hindi lamang pagiging "masaya" na kadalasang nakikilala sa "simpleng pagsasaya", mga kasiyahan at iba pa. Nagkakaroon tayo ng "kagalakan" na hindi kayang burahin ng anumang mapait na karanasan dahil sa may ganap na kapayapaan ang kalooban."

Ang mga Tagapamayapa ay nananatiling matatag, hindi natitinag ang kanilang paniniwala sa kabila ng kanilang pinagdadaanan dahil alam nila at naniniwala na sila ay nakakapit sa kaparaanan ng nag-iisang Diyos ng kanilang buhay; na Siyang may kontrol sa lahat ng bagay na nangyayari sa kanilang paligid. Dahil sa panloob na kapayapaan, sila ay nagiging matapat at madamdaming tagapamayapa. Ang mga tagapamayapa ay nagtataguyod ng kapayapaan. Sa paggawa nito, nagpapakita sila ng isang karakter ng kanilang makalangit na Ama at angkop na tawaging "mga anak ng Diyos".

Hinihikayat ng mga siping ito ang iglesia upang maging mga tagapamayapa ngayon. Ang iglesya bilang kinatawan ng Diyos at katawan ni Kristo ay binigyan ng gawain upang ipagpatuloy ang misyon at ministeryo ni Jesus na maganap ang tunay na kapayapaan sa gitna ng napakaraming nakapipinsala at di-makatarungang kalagayan na ting kinakaharap. Tandaan

nating tayo ay mga tinubos na ng Mesiyas, ngayon ang ating pagkakataon upang isabuhay natin ang Mesiyas bilang mga anak ng Diyos.

### **Gabay sa mga Guro:**

Samantalang ang mga imperyo sa kasaysayan ay itinatayo sa takot, ang kaharian ng Diyos ay itinatag sa tunay at pangmatagalang kapayapaan. Sa kaharian ng Diyos titigil ang lahat ng pakikibaka laban sa dominasyon at monopolyong kontrol sa mga mapagkukunang yaman. Sa pagkakamit ng kapayapaang nakabatay sa katarungan, ang mga huwad na diyos at mga diyus-diyosan ng kapangyarihan at kayamanan ay babagsak at ang mga tao ay sasamba sa iisang Diyos lamang. Dito nag-uugnay ang pagsamba at hangarin para sa kapayapaan. Ang kuwento ng Exodo ay naglalarawan sa pag-alis ng mga Hebreo mula sa pang-aalipin at ang pagsamba sa mga diyus-diyosan. Sila ay nasa isang paglalakbay tungo sa malayang lupain kung saan umiiral ang kapayapaan at tanging ang Diyos ang namamamayani.

Ang konsepto ng Banal na Kasulatan sa kapayapaan ay kinabibilangan ng parehong pagtatapos sa pakikidigma at pagtatatag ng katarungan. Ang propetikong pananaw na gagawin nilang tabak ang kanilang mga sudsod ay isang angkop na paglalarawan para sa pagtigil ng labanan at pagtatayo ng isang bagong lipunan. Walang maikling daan patungo sa tunay na kapayapaan. Ang matalinong kumbinasyon ng pagtigil ng labanan at ng unti-unting pagtatanggal sa mga istruktura ng kawalang katarungan ay nangangailangan ng isang mas malawig na proseso at sapat na panahon para sa pagpapagaling, at para ang magkakatunggaling panig ay magkaroon ng tiwala sa isa't isa at makayanang pandayin ang bagong kaayusan. Kung hindi ganito, ang proseso ng kapayapaan ay gagamitin lamang upang makakuha ng pantaktikang kalamangan at ibayong propaganda.

Sa mga panahong ito ng mga digmaan at mga alingawngaw ng digmaan, ang iglesya ay nangunguna sa prosesong pangkapayapaan na kinasasangkutan ng naglalabanang mga partido. Ang paghangad ng kapayapaan ay naging isang daan upang ang iba't ibang iglesya, magkakaiba man ang kanilang doktrina ay nagsama-sama at nagkaisa para dito. Kahit na wala pa silang nagkakaisang adyendang pangkapayapaan, ang iglesya ay kilala sa daigdig bilang masigasig na tagapagtaguyod ng kapayapaan. (*Isinatagalog ni: Rev. Milagros Gundran-Rafols*)

### **Layunin:**

Matapos ang aralin, ang mga kabataan ay inaasahan na:

1. mabatid na ang kapayapaan ay mula sa Diyos, na nakilala sa pamamagitan ni Kristo at makakamit sa pamamagitan ng Banal na Espiritu;
2. kilalanin na ang pagtataguyod sa kapayapaan ay dapat batay sa katarungan at pagkakapantay-pantay;
3. maabot ang konklusyon na ang bunga ng kabanalan ay ang totoong kapayapaan;
4. maipaliwanag kung bakit ang simbahan ay nagtataguyod ng ministeryo at programa para sa kapayapaan; at
5. makibahagi sa mga gawain ng simbahan na nagtataguyod sa kapayapaan bilang mga mananampalataya na sumusod kay Kristo

**Mga gagamitin:** (Banal na Kasulatan kung maari ay Magandang Balita Biblia Version, song chart, Manila Paper, Mga Panulat na Pentel pen)

## **Kasanayang Pagkatuto (Learning Experiences):**

### ***A. Opening Worship Panimulang Gawain***

1. Pagkakamustahan
2. Panimulang Panalangin: Kami ay pumarito aming Diyos upang hingin ang Iyong katrunungan. Turuan Mo kami na maging daluyan ng kapayapaan na may pagnanais at pagtatalaga na gawin ang Iyong Banal na Kalooban ukol dito. Ito ang aming Panalangin sa Pangalan ni Hesus. Amen
3. Panimulang Awit: “Make Me A Channel of Peace” (Prayer of St. Francis of Assisi) (maaring gumamit ng laptop o anumang gamit para mapatugtog ito) Ipaliwanag na ang awit panalangin na ito ay hindi tiyak na sinulat ni San Francisco ng Assisi ngunit ito ay kinikilala bilang Panalangin ni San Francisco ng Assisi.

### ***B. Paghahanda sa Aralin***

1. Isulat ang salitang KAPAYAPAAN. Bigyan ang bawat kabataan ng KWL Chart. Ang unang kolum ay K (What I Know/ Anong Nalalaman ko tungkol sa Kapayapaan); ang ikalawang kolum naman ay W (What I Want to Know/ Anong gusto kong malaman tungkol sa Kapayapaan); Ang ikatlong kolum naman ay L (What I Learn/ Anong bagong natutunan ko tungkol sa Kapayapaan);
2. Sagutan ang unang kolum, ang natitirang kolum sa chart ay sasagutan maya-maya lamang

### ***C. Talakayan***

1. Ikuwento: “Ang Perpektong Kapayapaan” (hindi kilala ang may akda)  
May isang hari na nag-alok ng premyo sa makakagawa ng isang larawan ng perpektong kapayapaan. Madaming lumahok sa patimpalak. Tiningnan ng hari ang mga larawan ngunit sa lahat ng sumali ay dalawa lamang ang pinakapinagpipilian Ang unang larawan ay may isang lawa na mukhang tahimik at may mga malalaking bundok sa palibot. Ang langit ay bughaw na may mga puting ulap sa paligid. ang isa namang larawan ay may mga bundok ngunit hindi kagaya doon sa una, ang bundok ay mabato at walang puno. Sa taas ng bundok ay isang maitim na ulap na nagdala ng malakas na ulan na may kasamang kidlat. Sa tagiliran ng bundok, may isang malakas na talon na nilikha ng malakas na ulan. Tiningnan ng hari ng mas malapitan ang larawan na ito, nakita niya na sa mga bato ay may umuusbong na mga halaman at sa halaman na yaon ay may isang pugad ng inahing ibon kasama ang mga inakay. Sa gitna ng malakas na ulan ay nakikita ang inahing ibon at mga inakay na payapang nasa pugad. Sino kaya ang nanalo sa dalawang larawan? Pinili ng hari ang ikalawang larawan. Sa palagay ninyo bakit iyon ang pinili ng hari? Sapagkat, ang kapayapaan ay hindi nangangahulugan na isang lugar na walang ingay, pagsubok o mahirap na kalagayan. Ang kapayapaan ay ang karanasan na maging mahinahon sa gitna ng mga ingay, pagsubok at mahirap na kalagayan. Ito ang tunay na kahulugan ng kapayapaan.

2. Basahin ng sabay-sabay ang Isaias 32:16-18. Pagkatapos ay ipaliwanag na binibigyan ng diin ng Diyos na ang Kanyang pamamayani/ kaharian ay gawa mula sa tunay at pangmatagalang kapayapaan. Nais ng Diyos na gawin ang tama; ang pagiging makatarungan, patas at palaging isinasabuhay ang pagkakapantay-pantay sa lahat. Nais din ng Diyos na ibigay sa kanya ang buong pagtitiwala upang sa ganoon ay mamumuhay tayong may kapayapaan.
3. Ipabasa naman ang Mateo 5:9. Talakayin kung bakit pinagpapala ang mga gumagawa ng paraan para sa kapayapaan at ang pangako ng Diyos sa mga gumagawa ng daan sa kapayapaan sa kasalukuyang panahon at sa kaganapan ng pamamayani/paghahari ng Diyos. Idagdag din ang mga sumusunod na talata na may kaugnayan sa kahalagahan ng paghahanap ng daan tungo sa kapayapaan.
  - a. Ang kahulugan ng kapayapaan na sinasaad sa Banal na Kasulatan ay hindi gaya ng sinasabi ng mundo tungkol sa kapayapaan na para sa kanila ay kawalan nang tunggalian o away. Sinasabi sa Juan 14:27 na “Kapayapaan ang iniwan ko sa inyo, ang Aking kapayapaan ang ibinibigay Ko sa inyo, hindi ito katulad ng kapayapaang ibinibigay ng sanglibutan”. Ang kapayapaang tinutukoy dito ay ang kapayapaang nagdudulot sa atin na mabuo ang pakikitungo natin sa iba. Hindi lamang pagkakaroon ng kapayapaan sa iba kundi kapayapaan sa Diyos na kung saan ay nagbibigay sa atin ng pagkakataon na maging epektibong tagapagtaguyod ng daan sa kapayapaan.
  - b. Basahin din ang Roma 5:2-5, Roma 12:8, Efeso 2:13-17, Hebreo 12:14, at 1 Pedro 3:10-12.

#### ***D. Pagbabahaginan***

Itanong:

1. Iugnay ang kuwento ng “Perpektong Kapayapaan” sa nakasaad sa Isaias 32:16-18
2. Ano ang sinasabi ng aklat ni Propeta Isaias tungkol sa kapayapaan bilang bunga ng katuwiran?
3. Ang mga sumusunod na pahayag ay may patungkol sa kapayapaan. Alin ang mas pipiliin pong kapahayagan at bakit?
  - a. Ang salitang Shalom ay mas higit pa sa kawalan ng tunggalian o away sa halip ang Shalom ay nangangahulugan nang presensya ng kabutihan para sa lahat.
  - b. Ang totoong pagtataguyod ng daan sa kapayapaan ay nangangailangan ng higit pa sa pagiging nasa gitna lamang, ito ay nangangailangan na gawin ang lahat upang hindi

magkaroon ng pagdanak ng dugo sa panig ng nag-aaway. Ito ay gawain ng pakikipagkasundo.

- c. Tayo ay inatasan ng Diyos na maging daluyan ng Kapayapaan ng Diyos
4. Bilang kabataan, ano ang mga pamamaraan upang itaguyod ang kapayapaan?

### ***E. Aral mula sa Bibliya***

Sabihin: Tinawag ang Iglesia upang maging tagapagtaguyod at tagapagtatag ng Kapayapaan ng Diyos. Itanong: Paano kaya ang mga kabataan magiging tagapagtaguyod ng kapayapaan?

### ***F. Pagsasabuhay***

1. Muling balikan ang KWL Chart. Talakayin ang mga naging sagot sa unang kolum at sagutan ang ikalawang kolum, gamitin ang mga ginamit na teksto sa araling ito
2. Pagkatapos na sagutan ang ikalawang kolum ay sagutan naman ang ikatlong kolum. Kapag natapos hayaan silang magbahagi ng kanilang mga sagot
3. Ipabasa sa mga kabataan muli ang Panalangin ng Kapayapaan ni San Francisco ng Assisi, pagkatapos ay pagawain sila ng kanilang sariling panalangin. Gamitin itong halimbawa: *“Aming Diyos, alam namin na nalulungkot Ka kapag kami ay nakikipag-away sa iba o may hindi kami pagkakaunawaan. Tunay po na mahirap maging tagapagtaguyod ng kapayapaan. Alam namin ang Kapayapaan mula sa Iyo. Batid din po namin na ito ay isinabuhay ni Hesus. Hinihiling namin na Iyong igawad sa aming Iyong Banal na Espiritu sa aming mga puso upang kami ay magkaroon ng Kapayapaan sa Iyo at maibahagi ang kapayapaang ito sa iba. Maging katulad nga nawa kami ni Hesus sa pagtataguyod ng Kapayapaan. Amen”*

### ***G. Pagtatapos***

1. Pagkakaloob ng Handog para sa Sunday School
2. Pangwakas na Awit: *“Let there be Peace”*  
Let there be peace on earth and let it begin with me.  
Let there be peace on earth, the peace that was meant to be.  
With God as our Parent, children all are we.  
Let me walk with each other in perfect harmony.  
Let peace begin with me, let this be the moment now.  
With every step I take, let this be my solemn vow.  
To take each moment and live each moment
3. Pangwakas na Panalangin: Aming Diyos, nakikila Mo kami ng husto. Hinihiling namin na patuloy Mo na ibigay sa amin ang inspirasyon upang mamuhay kami na nagtataguyod ng buhay na patas, pantay at makatarungan. Tulungan Mo kami na magawa ang lahat ng makakaya upang mamuhay kami sa kapayapaang mula sa Inyo at kapayapaan kasama ang bawat isa. Sa pangalan ni Hesus. Amen. *(Isinalin sa Tagalog ni Pastor Reeceven Bico)*